


Valley Transportation Authority

# *TALAAN NG IMPORMASYON:* **Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit**

## Winchester Station



### Pangkalahatang Ideya

Ang Transit-Oriented Development site ng Winchester Station ay 1.6 ektaryang pag-aari na matatagpuan sa 2400 Winchester Boulevard sa Campbell. Ang ari-ariang ito ay nagsisilbi bilang Park & Ride na lote para sa light rail at mga pasahero ng bus. Kasalukuyang siniserbesyuhan ang Winchester Station ng Green Line at mga bus route na 27, 37, 60, at Express 101 ng VTA.

Nakipagpartner ang VTA sa Related California at PATH Ventures upang magtayo sa site ng 90 naunit ng abot-kayang pabahay. Isasama din sa proyekto ang muling itinayong sirkulasyon ng bus at paradahan ng transit, at isang plasa ng transit.

Para sa proyektong ito, nakipagpartner ang VTA sa Office of Supportive Housing ng Santa Clara County. Pinangangasiwaan ng Office of Supportive Housing ang Affordable Housing Bond ng 2016 Measure A. Pinasisigla ng pakikipagpartner na ito ang pagpapaunlad ng abot-kayang halaga ng pabahay sa lugar na ito.

### Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit

Ang Transit-Oriented Development (TOD) Program ng VTA ay nakikipagtulungan sa munisipyo, sa non-profit at mga pribadong kapartner upang pasiglahin ang pagpapaunlad ng pabahay, tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong sa pagdami ng sumasakay sa transit na siya namang makakadagdag sa sigla ng komunidad. Kasama sa Transit Oriented Communities Policy ng VTA ang Affordable Housing Policy, na humihiling na 25% ng pabahay sa site ay dapat na abot-kaya at hindi bababa sa kalahati ng mga abot-kayang unit ay para sa mga samabahayang pinakamababa ng kita at napakababa ng kita.

### Mga Layunin

- Makipag-ugnayan sa komunidad upang tugunan ang mga alalahanin, makakuha ng feedback tungkol sa proyekto at istasyon, at makalikha ng proyekto na magpapaaninag sa mga pinahahalagahan at prayoridad ng pamayanan.
- Pataasin ang magkahalo ang gamit na pagpapaunlad, kabilang na ang mga opurtunidad para sa abot-kayang halagang pabahay na malapit sa transportasyon
- Maglaan ng mga oportunidad ng trabaho malapit sa transit
- Pasulungin ang pag-access sa bahagi ng istasyon
- Makapagbigay ng pangmatagalang kita para makasuporta sa mga operasyon ng transit

### Mga Resulta

- Mga pabahay at trabahong malapit sa mga sentro ng transit
- Mas malinis na hangin at mas mababang pagbuga ng greenhouse gas
- Maluwag daloy ng trapiko
- Pagdami ng mga sumasakay sa pampublikong transit
- Nadagdagan ang publikong sumasakay sa transit

### Mga benepisyo

- Natugunan ang Pangangailangan sa Pabahay – nakakatulong upang matugunan ang mga krisis sa panrehiyong pabahay
- Mga Pakinabang sa Kapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Pababababain ang Pagiging Umaasa sa Sasakyan – ang mga residente sa TOD ay may mas kakaunting pangangailangan sa paradahan
- Pagiging Nakikipagsabayang Pang-ekonomiya – ang mga lokasyon ng TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Mga Pakinabang sa Pamayanan at sa Piskal – nakakagawa ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay gumugugol ng mas kaunti sa mga gastos sa transportasyon)

### Iskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

| | |
|---|---|
| Mga Kailangang Pag-aasikaso Bago ang Pagpapaunlad | 2020-2021 |
| Pumili ng Developer | 2022 |
| Pag-aaral sa Pag-access sa Istasyon | 2023 |
| Aayusin ng Developer ang mga Proyekto sa pamamagitan ng Opinyon ng Komunidad | 2022-2024 |
| Pananalapi at mga Permit ng Lungsod | 2024-2025 |
| Konstruksyon | 2025-2027 |

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**VTA Community Outreach**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
*vta.org/winchesterdevelopment*
*community.outreach@vta.org*

winchester-111623-TAG